Lukins Brothers Water Company, Inc. (LBWC) na Patakaran ng Pagputol ng Residensyal na Serbisyo Dahil sa Hindi Pagbabayad

Ang mga LBWC na singil ay nakatakdang bayaran at dapat mabayaran mula sa petsa ng pagtanggap. Kapag ang mga singil ay itinakda ng buwanan o dalawang beses kada buwan, itituring na ang mga ito ay lampas sa nakatakdang petsa ng pagbabayad (delingkwente) kung hindi babayaran sa loob ng 19 araw mula sa petsa ng pagpadala sa koreo. Ito ay responsibilidad ng bawat customer na bayaran ang singil nang buo at sa oras. Papahintulutan ng LBWC ang bawat residensyal na customer ng kabuoang 79 na araw mula sa petsa ng pagpadala sa koreo ng bayaring ito, upang magawa ang buong kabayaran ng singil bago itigil ang serbisyo. Ang impormasyon tungkol sa kung paano maiiwasan ang pagputol ng pang-residensyal na serbisyo dahil sa hindi pagbabayad ay makukuha sa pamamagitan ng pagtawag sa (530) 541-2606. Para sa mga layunin ng patakarang ito, ang residensyal na serbisyo ay nangangahulugang serbisyo ng tubig sa isang residensyal na koneksyon na kinabibilangan ng mga single-family na tirahan, multifamily na mga tirahan, mga mobile na tirahan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga mobile home sa mga mobile home park, o pabahay sa manggagawa sa bukid.

Mga Alternatibong Kaayusan sa Pagbabayad

Naiintindihan ng LBWC na ang mga customer ay maaaring makaranas ng kahirapan sa pananalapi at maaaring pana-panahon na hindi makabayad ng kanilang bayarin. Kung bago, o sa pagtanggap ng isang paunawa ng pagputol, ang isang residensyal na customer ay hindi makakabayad, dapat siya'y makipag-ugnay sa DOWC sa pamamagitan ng pagtawag sa (530) 541-2606 bago itigil ang serbisyo upang humiling ng isang pagpapaliban (magbabayad sa ibang araw), nabawasan (pagkakalat ng mga pagbabayad sa loob ng isang napagkasunduang panahon na hindi lalampas sa 12 buwan), o ilang iba pang mga alternatibong iskedyul ng pagbabayad upang maiwasan ang pagtigil sa serbisyo. Ang mga serbisyo ay hindi mapuputol dahil sa hindi pagbabayad para sa sinumang customer na susunod sa isang alternatibong kaayusan sa pagbabayad na ipinasok sa LBWC, hangga't ang customer ay nagpapanatiling nasa kasalukuyan sa kanyang account para sa serbisyo sa tubig bilang mga singil na naipon sa bawat kasunod na panahon ng pagsingil. Kung ang isang customer ay nabigong sumunod sa isang alternatibong kaayusan sa pagbabayad, ang LBWC ay magbibigay ng isang paunawa ng pagputol ng serbisyo, hindi bababa sa 5 araw ng negosyo bago ang pagputol sa serbisyo. Ang kustomer ay hindi magiging karapat-dapat sa anumang karagdagang pagsisiyasat o mga alternatibong kaayusan sa pagbabayad sa LBWC, at ang buong balanse ay nakatakdang bayaran at dapat mabayaran.

Pagbubukod sa Kalusugan at Kaligtasan sa Isang Residensyal

Ang serbisyo sa tubig sa isang residensyal na customer ay hindi na puputulin dahil sa hindi pagbabayad kapag ang nasabing customer ay nagtataguyod sa kasiyahan ng LBWC na ang lahat ng tatlong sumusunod na mga kondisyon ay natutugunan:

a) Ang residensyal na customer ay nagsusumite ng sertipikasyon mula sa isang pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga, tulad ng tinukoy ng Water Shutoff Protection Act (Batas ng Proteksyon sa Pagputol ng Tubig), na ang pagputol ng pang-residensyal na serbisyo sa tubig ay magiging banta sa buhay, o magdudulot ng isang malubhang banta sa kalusugan at kaligtasan ng, isang residente ng lugar kung saan ibinigay ang serbisyo sa tirahan,
b) Ipinapakita ng residensyal na customer na wala siyang pinansyal na kakayahang makabayad para sa residensyal na serbisyo sa loob ng normal na ikot ng pagsingil ng LBWC, at
c) Ang residensyal na customer ay handang pumasok sa isang ipinagpaliban (pagbabayad sa ibang petsa), nabawasan (pagkalat ng mga pagbabayad sa loob ng isang napagkasunduang panahon na hindi lalampas sa 12 buwan), o ilang iba pang alternatibong iskedyul ng pagbabayad.

Paunawa ng Pagputol ng Residensyal na Serbisyo sa Tubig Dahil sa Hindi Pagbabayad

Hindi puputulin ng LBWC ang residensyal na serbisyo dahil sa hindi pagbabayad ng isang delingkwenteng account maliban nalang kung ang LBWC ay unang nagbigay ng paunawa ng pagiging delingkwente at napipintong pagputol, alinsunod sa Rule No. 8.A.3. Itinataguyod nito ang mga panahon ng paunawa mula 7 hanggang 15 araw, depende sa uri ng pagtira. Kung ang may-ari, tagapamahala, o operator ng tirahan, istruktura, o parke ay inilista ng LBWC bilang customer na nasa rekord, at ang serbisyo ng tubig ay ibinibigay sa mga residenteng naninirahan, gagawin ng LBWC ang bawat mabuting pagsisikap upang ipaalam sa mga naninirahan sa lugar, sa pamamagitan ng nakasulat na abiso alinsunod sa Rule No. 8.A.3.b.

Pinagtatalunang Singil

Petisyon para sa Pagsusuri ng Singil

Ang sinumang customer (o may edad na naninirahan sa isang residensyal na adress ng serbisyo) na tumututol sa kawastuhan ng kanilang singil sa tubig ay maaaring mag-petisyon sa LBWC upang suriin ang pinagtatalunang singil sa pamamagitan ng pagtawag sa (530) 541-2606. Ang customer ay hindi mapuputulan ng tubig dahil sa hindi pagbabayad habang ang isang pagsisiyasat ng LBWC ay nakabinbin, basta lang:

a) nagsumite ang isang customer ng isang petisyon para sa pagsusuri sa loob ng 5 araw mula sa pagtanggap ng pinagtatalunang singil, at
b) gumawa ang customer ng alternatibong kaayusan sa pagbabayad, kung saan iginigiit niya na ang bayarin ay lampas sa kanilang kakayahang mabayaran nang buo sa loob ng normal na panahon ng pagbabayad, bago putulin ang serbisyo nang naaayon sa Rule Nos. 5 at 10.

Apela sa Komisyon

Ang sinumang customer (o nasa edad na naninirahan sa isang residensyal na adress ng serbisyo) na hindi nasiyahan sa tugon ng LBWC sa kanilang petisyon para suriin o humiling ng isang pagsisiyasat, ay maaaring mag-apela sa Komisyon alinsunod sa Rule Nos. 5 at 10 (kasama ang pagdeposito ng pinagtatalunang halaga sa Komisyon). Ang mga reklamo sa pagsingil ay hinahawakan ng Consumer Affairs Branch (CAB) ng CPUC at maaaring isumite sa online: http://www.cpuc.ca.gov/complaints/, sa pamamagitan ng telepono: 1-800-649-7570 (8:30 AM hanggang 4:30 PM, Lunes hanggang Biyernes) o sa pamamagitan ng koreo: California Public Utilities Commission, Consumer Affairs Branch, 505 Van Ness Avenue, Room 2003, San Francisco, CA 94102. Ang apela ng pinagtatalunang singil sa Komisyon ay dapat alinsunod sa Commission's Rules of Practice and Procedure (Batas ng mga Kasanayan at Pamamaraan ng Komisyon. Ang nakasulat na dokumentasyon ng isang apela na isinampa at masigasig na hinabol sa Komisyon ay magpipigil sa pagpuputol ng residensyal na serbisyo ng tubig sa panahon ng opisyal na proseso ng apela.

Pagputol Dahil sa Hindi Pagbabayad

Kapag ang isang singil sa serbisyo ng tubig ay lumipas na at ang isang paunawa ng pagputol ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad ay inisyu na, ang serbisyo ay maaaring putulin kung ang bayarin ay hindi binabayaran nang buo (o ang mga alternatibong kaayusan ng pagbabayad na katanggap-tanggap sa LBWC ay hindi pa nagawa) sa loob ng panahong kinakailangan ayon sa paunawa. Ang serbisyo sa customer, gayunpaman, ay hindi puputulin dahil sa hindi pagbabayad hanggang sa ang halaga ng anumang deposito na ginawa upang maitaguyod ang kredito para sa serbisyo ay ganap nang nagamit. Hindi puputulin ang serbisyo dahil sa hindi pagbabayad ng serbisyo sa anumang Sabado, Linggo, ligal na piyesta opisyal, o anumang oras kung saan ang mga tanggapan ng negosyo ng LBWC ay hindi bukas sa publiko. Iiwasan ng LBWC ang pagputol ng serbisyo sa mga Biyernes at anumang araw bago ang isang piyesta opisyal.

Pagpapanumbalik ng Serbisyo

Sa sandaling naputol ang mga serbisyo dahil sa hindi pagbabayad, isang buong bayad lamang para sa delingkwenteng balanse ang tatanggapin upang maibalik ang serbisyo. Sisingilin ng LBWC ang $50.00 na bayad sa muling pagkonekta ng pagbabalik ng serbisyo sa regular na oras ng pagtatrabaho o isang $150.00 na bayad sa muling pagkonekta kapag hiniling ng customer na ang muling pagkonekta ay gawin sa labas ng mga regular na oras ng pagtatrabaho alinsunod sa Rule No. 11. Ang LBWC ay maaaring mangailangan ng isang halaga ng deposito ng dalawang beses sa karaniwang buwanang o bimonthly na singil na ibibigay upang muling maitaguyod ang kredito para sa isang customer na ang serbisyo ay naputol dahil sa hindi pagbabayad alinsunod sa Rule No. 7. Ang mga pagbabayad na ginawa sa pamamagitan ng internet ay maaaring hindi mag-post sa account ng customer sa loob ng 24 na oras; samakatuwid, dapat iulat ng mga customer ang kanilang pagbabayad upang matiyak na ang kanilang mga serbisyo ay maibalik.